## Kuwento 7 : Ang muling pagkabuhay

**Talata sa Bibliya [Juan 11:25-26]**

Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; 26 at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?"

Noong pumanaw si Hesus sa Krus, Ang Kaniyang mga disipulo at taga sunod ay lubos na nalulungkot.

Samantala, naalala ng mga mataas na saserdote ng Roma at ng mga pinuno ng templo ang sinabi ni Hesus tungkol sa muling pagbangon mula sa kamatayan sa loob ng tatlong araw, kaya't inutusan nila ang mga kawal na isara ang libingan kung saan inilibing si Hesus gamit ang isang malaking bato at upang magbantay sa araw at gabi.

Maagang-umaga sa ikatlong araw pagkatapos ng kamatayan ni Hesus, sina Maria Magdalena, Maria na ina ni Santiago at Salome ay nagdala ng mga pabango upang sila ay pumunta upang pahiran ang katawan ni Hesus.

Pumunta sila sa libingan ni Hesus, ngunit pagdating nila ay nakita nila na ang bato ay nagalaw at ang libingan ay walang laman.

Hindi nila natagpuan ang katawan ni Hesus.

Ngunit may isang binata (isang anghel) na nakasuot ng puting damit ang nakaupo sa kinalalagyan ng katawan ni Hesus.

Sinabi ng anghel, "Huwag kayong matakot. Si Hesus na ipinako sa Krus na inyong hinahanap ay muling nabuhay!"

Ang mga babae ay nagmamadaling umalis sa libingan upang ibahagi ang magandang balita.

Ngunit habang sila ay tumatakbo, sila ay may nakita. Si Hesus na muling nabuhay!

Ang mga babae ay yumukod sa paanan ni Hesus at binati Siya. Nang gabing iyon, nagtipon ang mga alagad sa Jerusalem.

Isinara nila ang mga pinto dahil sila ay natatakot na mahuli ng mga Romanong kawal.

Sa sandaling iyon, nagpakita si Hesus sa harap ng mga alagad.

Nagulat sila at natakot, sapagkat inakala nilang sila ay nakakita ng multo. Ngunit si Hesus ay nagsalita sa kanila.

"Bakit kayo natatakot at nagdududa sa aking pagkabuhay? Tingnan ninyo ang Aking mga kamay at paa.

Hawakan ninyo ako at tingnan." Sa wakas, naniwala ang mga disipulo na si Hesus ay muling nabuhay sa kabila ng kaniyang pagkamatay.

At sila nga ay lumuhod at nagpuri kay Hesus. Kinausap ni Hesus ang kaniyang mga disipulo.

"Humayo kayo at ipamalita ang magandang balita sa mga tao. Humayo kayo at bumuo ng mga disipulo sa lahat ng mga bansa, bautismohan niyo sila sa pangalan ng Ama, Anak at Banal na Espiritu at turuan niyo silang sumunod sa lahat ng aking iniuutos. Palagi akong sasainyo hanggang sa dulo."

Nangako si Hesus na babalik Siya sa isang ulap mula sa langit upang hatulan ang mundo.







**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Pagkatapos ng kamatayan ni Hesus, ano ang naalala ng mga mataas na saserdote at mga pinuno ng templo na sinabi ni Hesus?

---

b. Sino ang mga babaeng bumisita sa libingan ni Hesus na walang laman?

---

c. Basahin ang Mateo 28:16-20 at sagutin: Ano ang iniutos ni Hesus sa kanyang mga disipulo?

---

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Juan 11:25)**

**Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay.**
**Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay;**

**Gawain 2.** Paghahanap ng salita: Hanapin ang mga salitang ito sa hanap salita.

Muling Pagkabuhay, Hesus, Anghel, libingan, babae, Maria Magdalena, Magandang balita



| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | U | L | I | N | G | P | A | G | K | A | B | U | H | A | Y |
| A | N | I | R | E | S | U | R | R | E | C | T | I | E | N | N |
| R | G | B | A | B | A | E | E | P | S | S | A | S | S | R | Q |
| V | E | I | A | T | O | M | B | S | C | R | U | N | U | E | W |
| S | L | N | T | I | E | H | E | S | U | S | A | R | S | E | O |
| P | E | G | A | D | O | H | H | E | N | S | N | C | X | F | M |
| M | M | A | G | A | N | D | A | N | G | B | A | L | I | T | A |
| M | A | N | G | H | E | L | M | A | R | I | W | A | D | A | N |
| M | A | R | I | A | M | A | G | D | A | L | E | N | A | C | A |